PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

5

# EPP

## Unang Markahan – Modyul 1: Unang Linggo

# Tungo sa Pagiging Matagumpay na Entrepreneur

Vilma E. Kipkip at Marycris J. Barbaso



SMILE

SUPPORT MATERIAL FOR INDEPENDENT LEARNING ENGAGEMENT (SMILE)

A Joint Project of the
SCHOOLS DIVISION OF DIPOLOG CITY
and the
DIPOLOG CITY GOVERNMENT

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikalimang Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Unang Markahan - Modyul 1: Tungo sa Pagiging Matagumpay na Entrepreneur**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Vilma E. Kipkip at Marycris J. Barbaso
**Editor:** John Febb G. Vidal
**Tagasuri:** John Febb G. Vidal
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** John Febb G. Vidal
**Tagapamahala:** Virgilio P. Batan -Schools Division Superintendent
Jay S. Montealto -Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero -Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien -Chief Education Supervisor, SGOD
Ronillo S. Yarag -Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo -Project Development Officer II, LRMS

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**

Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Telefax: (065) 212-6986
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

# Alamin

Gamit ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Naisa-isa ang mga kanais-nais na katangian upang maging matagumpay na entrepreneur
2. Nakatutukoy sa mga oportunidad na maaaring mapagkakitaan sa tahanan at pamayanan

# Subukin

Panuto: Suriin ang bawat larawan. Lagyan ng tsek (√) ang katumbas na bilang ng larawan na nagpapakita ng oportunidad para kumita sa tahanan at pamayanan.

____________1. 

____________2. 

____________3. 

____________4. 

____________5. 

**Aralin 1**

# Tungo sa Pagiging Matagumpay na Entrepreneur



## *Tuklasin*

Ang pagiging isang *entrepreneur* ay maaring matutuhan subalit tulad na rin sa ibang gawain o hanapbuhay, may ilang mahalagang katangian kailangang taglayin ng isang tao na makatutulong upang maging matagumpay sa larang na ito.

Sa araling ito, tatalakayin ang mahahalagang katangian ng isang matagumpay na entrepreneur. Tatalakayin din ang mga oportunidad na maaring mapagkakitaan sa tahanan at pamayanan.



## *Suriin*

Entrepreneur – tumutukoy sa isang indibidwal/tao na nagsasagawa ng isang negosyo

Entrepreneurship – ay tumutukoy sa anumang aktibidad/gawain tungo sa pagtuklas ng mga paraan o paglikha ng produkto o serbisyo na maaaring mapagkakakitaan.

**Kanais-nais na mga Katangian Upang Maging Matagumpay na Entrepreneur:**

Upang maging competitive ang isang entrepreneur sa larangan ng negosyo, nararapat na taglayin niya ang mga katangian magiging kasangkapan sa ikatatagumpay ng kanyang negosyo. Pag-aralan ang mga katangiang ito :

1. Masipag – Sa tong masipag, mahalaga ang bawat oras. Gumagawa siya nang may pagkukusa. Sinisimulan at tinatapos niya ang mga Gawain sa tamang oras o mas maaga pa.

2. Malikhain – Bawat tao ay may kakayahang lumikha ng isang bagay na kanais-nais. Hindi siya tumutigil sa pag-iisip ng ikabubuti o ikagaganda ng anumang Gawain kaniyang sinimulan.

3. Matapat – Ang taong taglay ang ganitong katangian ay napagkakatiwalaan. Hindi siya nandaraya sa mga taong kausap niya o sa mga transaksiyong ginagawa niya.

4. Matiyaga – Walang imposibleng gawain sa taong matiyaga. Anumang hirap ng isang gawain o problemang dumarating ay kanyang hinaharap at hinahanapan ng kalutasan.

5. Maunawain at Maalalahanin – Ang taong maunawain at maalalahanin ay nag-uukol ng pansin sa kanyang kapwa. May kakayahan siyang unawain ang mga pangangailangan at damdamin ng kanyang mga kasamahan, empleyado, at pati narin ang ibang tao.

6. Matulungin – Ang anumang gawain ay gumagaan at madaling natatapos kung may kusang-loob na pagtutulugan ang taong kabilang sa isang gawain.

7. Maka-Diyos – Nagsasagawa ng mga gawain sa pagnenegosyo ng may katarungan, walang pandaraya, nakatutulong, kapaki-pakinabang sa lipunan, at may paggalang sa kalikasan.

8. Masinop – Hindi pinababayaang marumi at magulo ang lugar-gawaan. Pinananatiling malinis, maayos, at kaiga-igaya ang lugar upang maiwasan ang anumang aksidente. Maingat at matipid sa paggamit ng materyales at likas na yaman. Kung maaari, tinitiyak niyang walang tinatapon o nagiging basura.

9. May tiwala sa sarili – Ang taong may tiwala sa sariling kakayahan ay ginagampanan nang wasto ang kanyang mga gawain. Anumang paghihirap o pagbukas ang kanyang maranasan ay hinaharap nang walang takot at buong tatag dahil may tiwala siya sa kanyang sarili.
10. Maabilidad – Nakikita ang sarili na kaya niyang kontrolin ang kanyang sariling kapalaran, gumawa ng sariling desisyon, at tumayo sa sariling paa.

11. Maagap – Hindi ipinagpapabukas ang anumang gawain kung kaya namang isagawa at tapusin ngayon.

12. Masikap – May mataas na hangarin o mithiing magtagumpay sa negosyo.

13. Maalam – Palaging bukas ang isipan sa mga pagbabago at nililinang ang sarili sa mga bagong kaalaman, tuklas, o imbensiyon.

14. Malakas ang loob – Kahit na walang katiyakan ang tatahaking landas sa hinaharap, pipiliin parin ang pakikipagsapalaran sa pagnenegosyo.

**Mga Oportunidad sa Pagnenegosyo**

Ang mga tao ay may ibat- ibang pangngailangan. Maaari itong pampisikal, intelektuwal, sosyal, o emosyunal. Maaring matugunan ng ibat-ibang produkto o serbisyo ang halos lahat ng pangangailangan ng tao. Nagkakaiba-iba rin ito sa pamamaraan ng pagbebenta, pag-aalok sa mga tao, at sa pagkuha o paghingi ng kabayaran.

Kadalasan ang karaniwang itinatayong negosyo ay iyong mga nakatutugon sa mga pangunahing pangangailangang pisikal ng tao tulad ng pagkain, damit, at tirahan. Ngunit sa pagdaan ng panahon, nagkaroon ng kaunlaran sa ating lipunan, na nangangailangan ng mas maraming serbisyo.

Nagkaroon na tayo ng mas maraming industriya at trabaho kaya ang mga tao ay nangangailangan na rin ng mas maraming kagamitan na makatutulong sa pagpapabilis ng kanilang mga gawain. Tulad ng computer o gadget na may access sa internet.

At dahil naging labis nang abala ang mga tao, kahit serbisyong personal ay itinataguyod narin tulad ng beauty parlor para sa usaping pagpapaganda. Samantala, nauso na rin ang mga ready-to-wear o RTW at may mga nagbukas na rin ng mga shop na nag-aalok ng serbisyo para baguhin ang mga damit para tumugma ito sa tamang sukat ng katawan.

Nauuso na rin ang mga convenience store na 24 na oras na nakabukas para na rin sa mga nagtatrabaho sa gabi hanggang madaling araw. May mga health

clinic na rin sa malls para sa mga nais magpa check-up sa doctor pero hindi makapunta sa mga ospital dahil sa kawalan o kakapusan sa oras.


Isa sa pinakamadaling simulan ay ang *buy and sell.* Mainam din ito sa mga nag-aaral pa o kahit sa mga namamasukan na para magkaroon ng dagdag na kita. Sa buy and sell maari kang magsimula sa pag-aalok ng mga paninda sa mga kakilala. Kung lumaki man ang iyong negosyo maaring magkaroon ka na ng isang tindahan o retail outlet

Ang kadalasang malilit na negosyo dito sa ating bansa ay ang mga sari-sari store, karinderya, paggawa ng mga pagkaing pangmeryenda tulad ng banana cue, kamote cue, at lumpia o mga panghimagas tulad ng polvoron, turon, haluhalo, at iba pa. Sa mga nag-aalok o naglalako ng serbisyo, nariyan ang pagkukumpuni ng mga sirang gamit (repair shop) pagtatahi ng mg damit (tailor/dress shop), pagmamaneho ng mga pampasaherong dyip at traysikel, pagiging tutor, trainor, pag-aalok ng mga serbisyong personal tulad ng pag-aayos ng buhok, pagpapaganda ng mukha, paglilinis ng bahay, paglalabada , at pagpaplantsa.



## ***Pagyamanin***

Panuto: Buuhin ang graphic organizer sa pamamagitan ng pagsulat sa mga kanais-nais na katangian ng isang matagupay na entrepreneur.





# *Isaisip*

**Tandaan:**

- Entrepreneur – tumutukoy sa isang indibidwal/tao na nagsasagawa ng isang                negosyo

- Entrepreneurship – ay tumutukoy sa anumang aktibidad/gawain tungo sa pagtuklas ng mga paraan o paglikha ng produkto o serbisyo na maaaring mapagkakakitaan.

- Ang mga kanais-nais na katangian upang maging matagumpay na entrepreneur ay ang sumusunod: masipag , malikhain, matapat, matiyaga, maunawain at maalalahanin, matulungin, maka-Diyos, masinop, may tiwala sa sarili, maabilidad, maagap, masikap, maalam, malakas ang loob.

- Ang mga oportunidad sa pagnenegosyo ay batay sa ibat- ibang pangngailangan ng tao. Maaari itong pampisikal, intelektuwal, sosyal, o emosyunal.



# *Isagawa*

**A. Lagyan ng tsek (√ ) ang patlang kung ang salita ay katangian ng isang entrepreneur.**

____________ 1. Matulungin
____________ 2. Maiingitin
____________ 3. Malikhain
____________ 4. Masungit
____________ 5. Maabilidad

**B. Isulat sa patlang ang Tama kung wasto ang isinasaad sa bawat pngungusap: Mali kung hindi wasto.**

____________ 1. Karaniwang itinatayong negosyo ay iyong mga nakatutugon sa mga pangunahing pangangailangan ng tao.

____________ 2. Dahil sa pagkakaroon ng maraming industriya at trabaho dumarami rin ang pangangailangan ng tao.

____________ 3. Dulot nang labis na pagiging abala ng mga tao, ang mga negosyong may kinalaman sa serbisyong personal ay hindi na itinataguyod.

____________ 4. Ang buy and sell ay isang mainam na negosyo para sa mga nag-aaral pa at maging sa mga namamasukan.

____________ 5. Ang mga maliliit na negosyo gaya ng sari-sari store ay hindi pinahahalagahan dahil sa maliit na kinikita rito.



# ***Tayahin***

**A - Panuto: Basahing Mabuti ang bawat pangungusap/tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.**

1. Sinisimulan at tinatapos ni Mario ang kanyang gawain sa tamang oras o mas maaga pa. Anong kanais-nais na katangian ang taglay niya?
   A. Masipag B. Matapat C. Matulungin D. Masinop

2. Anong kanais-nais na katangian ang taglay ng isang tao na humaharap sa anumang pagsubok nang walang takot?
   A. Maalam
   B. Maabilidad
   C. Maka-Diyos
   D. May tiwala sa sarili

3. Lahat ay mga kanais-nais na katangian ng isang matagumpay na entrepreneur **maliban** sa isa. Alin ito?
   A. Matapat B. Masinop C. Masikap D. Mayabang

4. Ano ang maaaring kahihinatnan ng isang entrepreneur na nagtataglay ng mga kanais-nais na katangian tulad ng pagkamasipag, pagkamalikhain, pagkamatapat at iba pa?
   A. Mabibigo
   B. Malulugi
   C. Maghihirap
   D. Magtatagumpay

5. Anong katangian ng dapat taglayin ng isang entrepreneur para makasabay sa mga bagong kaalaman, tuklas, o imbenyon?
   A. Maalam
   B. Matapat
   C. Matulungin
   D. Maunawain

**B – Panuto: Punan ang patlang ng tamang salita para mabuo ang pangungusap o kaisipan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

1. Ang ______________________ ay tumutukoy sa isang indibidwal/tao na nagsasagawa ng isang negosyo.

2. Anumang aktibidad/gawain mula tungo sa pagtuklas ng mga paraan o paglikha ng produkto o serbisyo na maaaring mapagkakakitaan ay tumutukoy sa __________________________.

3. Ang mga kagamitan na nangngailangan ng access sa internet gaya ng _____________________ ay nakakatulong para sa pagpapabilis ng mga gawain.

4. Isa sa pinakamadaling simulan na uri ng negosyo ay ang ______________ na mainam para sa mga nag-aaral pa o kahit sa mga namamasukan na para magkaroon ng dagdag na kita.

5. Nauuso ang mga convenience store na nakabukas ng ________ na oras para sa mga nagtatrabaho sa gabi hanggang madaling araw.

# Susi ng Pagwawasto

**SUBUKIN**

1. ✓
2. ✓
3. ✓
4.
5. ✓

**PAGYAMANIN**

( Sampu sa alinman sa mga sumusunod)

1. Masipag
2. Malikhain
3. Matapat
4. Matiyaga
5. Maunawain at Mlalahanin
6. Matulungin
7. Maka-Diyos
8. May tiwala sa sarili
9. Masinop
10. Maabilidad
11. Maagap
12. Masikap
13. Maalam
14. Malakas ang loob

✓ **ISAGAWA**

1. ✓
2.
3.
4.
5. ✓ 5.)

A.

5. Mali
4. Tama
3. Mali
4. Tama
5. Tama

**B**

**TAYAHIN**

A.

1. A
2. D
3. D
4. D
5. A

**TAYAHIN**

B.

1. entrepreneur
2. entrepreneurship
3. computer o gadget
4. buy and sell
5. 24

# *Sanggunian*


- Most Essential Learning Copetencies (EPP5IE-Oa-I – Oa3)
- Kanais-nais na Katangian ng Taong Dangal sa Paggawa
- Masayang Paggawa, Maunlad na Pamumuhay 5, 2nd ed.p.118
- CIDA-PEARL/ Phils Med The Entrepreneur's Handbook, pp.4-7
- Kaalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran (Batayang Aklat)
- https://www.google.com/search?q=images+of+a+sari-sari+store&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=2ahUKEwiRiNLGs-nqAhUJG6YKHUOoD_MQ_AUoAXoECA4QAw#imgrc=nTsy4huoL1yaLM
- https://www.google.com/search?q=images+of+selling+barbeque&tbm=isch&ved=2ahUKEwi584OOtenqAhUL3pQKHZy1CQYQ2-cCegQIABAA&oq=images+of+selling+barbeque&gs_lcp=CgNpbWcQA1CRcFj4iQFgrY8BaABwAHgAgAGpBIgB4hCSAQkwLjIuNS41LTGYAQCgAQGqAQtnd3Mtd2l6LWltZ8ABAQ&sclient=img&ei=Mq0cX7mSA4u80wSc66Yw#imgrc=8lQYke3GVkFQQM&imgdii=lSts17Bt_eC1cM
- https://www.google.com/search?q=images+of+selling+banana+que&tbm=isch&ved=2ahUKEwiqxeOYtenqAhUSAKYKHaDSDekQ2-cCegQIABAA&oq=images+of+selling+banana+que&gs_lcp=CgNpbWcQAzoCCAA6BAgAEB46BggAEAgQHjoECAAQGFCc5xJYnKsTYIWzE2gEcAB4AIAB3QSIAZAjkgELMC44LjYuMi4wLjKYAQCgAQGqAQtnd3Mtd2l6LWltZ8ABAQ&sclient=img&ei=SK0cX6qBJJKAmAWgpbfIDg#imgrc=Ul7h5zvEBUSMOM&imgdii=9V0x1cuauM-23M
- https://www.google.com/search?q=images+of+filipibo+family+watching+t.v.+in+the+house&tbm=isch&ved=2ahUKEwjGoaPFt-nqAhWmyIsBHQuzCv0Q2-cCegQIABAA&oq=images+of+filipibo+family+watching+t.v.+in+the+house&gs_lcp=CgNpbWcQA1CD4wNY7oQEYMeLBGgAcAB4AIABkQOIAcsgkgEKMC4yLjEyLjEuMZgBAKABAaoBC2d3cy13aXotaW1nwAEB&sclient=img&ei=vq8cX8bKL6aRr7wPi-aq6A8#imgrc=dMpXVzMGJkA32M&imgdii=URdU_f6QH47l9M
- https://www.google.com/search?q=images+of+filipino+barber+shop+in+the+house&tbm=isch&ved=2ahUKEwiut9HUuenqAhUZBaYKHe5uA3AQ2-cCegQIABAA&oq=images+of+filipino+barber+shop+in+the+house&gs_lcp=CgNpbWcQA1DdRFi7XmChYGgAcAB4AIABugaIAfAjkgEHNC0xLjMuM5gBAKABAaoBC2d3cy13aXotaW1nwAEB&sclient=img&ei=97EcX-7fNJmKmAXu3Y2ABw&bih=657&biw=1349&hl=en#imgrc=BqKGHdaEXNgL4M